

Pakikipag-usap sa mga Pamilya tungkol sa Kaligtasan ng Medikasyon


Tinatalakay ng tip sheet na ito ang karaniwang isyu para sa ilang Direct Support Professionals (DSPs) na puwedeng humantong sa mga insidente ng maling medikasyon: ang paggawang kasama ng mga pamilya ng mga indibidwal na siniserbisyuhan nila para ligtas na mapangasiwaan ang medikasyon. Puwedeng maging kapaki-pakinabang ang dokumentong ito sa mga pagsasanay sa kaligtasan sa medikasyon o bilang paalala na ibibigay sa mga DSP tungkol sa kung paano makikipag-usap sa mga pamilya.

Bakit Ito Kinakailangan?

1. Ang mga indibidwal na namumuhay nang hindi umaasa ay **maaaring piliing bumisita sa pamilya kung sabado at linggo o sa ibang mga panahon.**
2. Ang mga miyembro ng pamilya ay **malamang na walang alam kung paano ligtas na matutulungan ang kanilang minamahal sa kanilang mga medikasyon** (hal., sa pitong tama).
3. Malamang na hindi alam ng mga miyembro ng pamilya na **maaaring magdulot ng pisikal na pinsala ang ilang gamot** kung hindi ito iinumina ayon sa itinagubilin.
4. Ang mga miyembro ng pamilya na hindi nakakaunawa sa kahalagahan ng kaligtasan sa medikasyon ay **maaaring magbigay sa kanilang mga minamahal ng mga gamot na nabibili nang walang reseta**, na maaaring magdulot ng masamang reaksyon o iba pang pinsala.



Mga tip sa Pakikipag-usap sa Pamilya ng Indibidwal tungkol sa Kaligtasan sa Medikasyon



1. **Magtatag ng isang plano sa kaligtasan sa medikasyon** sa indibidwal at sa kanilang doktor.
2. **Gumawang kasama ng indibidwal para makabuo ng mga ugnayan** sa kanilang mga miyembro ng pamilya. Sino ang magiging responsable sa pagtulong sa indibidwal na mangasiwa ng kanilang medikasyon? Alam ba nila kung paano ka makokontak?
3. **Ipakipag-usap sa indibidwal** kung paano ipagbibigay-alam sa kanilang pamilya ang tungkol sa mga pagbabago sa medikasyon o tungkol sa mga kamakailang insidente.

4. Makipag-usap sa indibidwal at pamilya tungkol sa **mga panganib na malampasan ang mga medikasyon**. Isama ang **masasamang epekto na babantayan kung sakaling may mga napalampas na medikasyon**.
5. **Maaari kang magbigay sa pamilya ng impormasyon ng doktor (na may pahintulot ng indibidwal)** upang madaling makontak ang pamilya at makapagtanong.
6. Puwede kang makapagsaayos para sa pamilya na magkaroon ng **isang hiwalay na hanay ng mga iniresetang gamot para sa kanilang mga mahal na iinumina sa panahon ng kanilang pamamalagi sa kanila** at isang kopya ng gagamiting rekord ng pangangasiwa ng medikasyon (MAR).
7. **Tiyaking nauunawaan ng pamilya ang potensyal na panganib** ng pagkawala ng isang dosis o paghahalo ng mga iniresetang gamot sa mga supplement o mga halamang gamot.